IJNRD.ORG ISSN : 2456-4184
INTERNATIONAL JOURNAL OF NOVEL RESEARCH AND DEVELOPMENT (IJNRD) | IJNRD.ORG
An International Open Access, Peer-reviewed, Refereed Journal

# INTERBENSYON SA PAGPAPAUNLAD NG ANTAS NG KASANAYAN SA PAGBASA

[1]**Maria Mangampo Barba**, [2]**Rhea Dioneda Bruma**

[1] Master of Arts in Education, [2] Doctor of Philosophy
[1]Sorsogon State University, Sorsogon City, Philippines

***Abstract :*** Nabatid sa pag-aaral na ito ang kabisaan ng nabuong interbensyon sa pagpapaunlad ng antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 6 ng Melecio J. Larosa Elementary School, Silangang Distrito, Lungsod Sorsogon, taong panuruan 2023-2024. Deskriptib-debelopmental ang disenyong ginamit sa pananaliksik na ito. Purposive sampling ang ginamit na pamamaraan sa pagpili ng mga kalahok sap ag-aaral. Ito ay may kabuoang 58 mag-aaral at 3 Master Teacher. Ginamit ang RLA Tool sa Filipino para sa paunan at panapos na pagsusulit. Ginamit naman ang LRMDS Evaluation Rting Sheet for Non-Print Materials sa ebalwasyon ng mga master teacher sa nabuong interbensyon. Ginamit rin ang SaLaBigkas bilang interbensyon sa pagpapaunlad ng antas ng kasanayan sa pagbasa ang mga mag-aaral. Ang mga datos na nalikom ay sinuri at binigyang-interpretasyon gamit ang mean at t-test for correlated samples.

Higit na marami ang bilang ng mga mag-aaral na nasa defecit na antas kumpara sa nasa antas ng coping, emerging at establishing sa paunang pagsusulit ng RLA. Ang interbensyong nabuo ay magagamit sa pagpapaunlad ng antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang nabuong interbensyon sa pagpapaunlad ng antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral ay may kalidad na nilalaman, instruksyon, teknikal at katanggap-tanggap gamitin. Mabisa ang nabuong interbensyon sa pagpapaunlad ng antas ng kasanayan sa pagbasang ng mga mag-aaral. Inirekomenda na ang mga mag-aaral ay dapat na mabigyan ng angkop na interbensyon sa pagbasa sa pamamagitan ng paggamit ng angkop na kagamitang panturo upang malinang ang kasanayan sa pagbasa. Gamitin ang nabuong SaLabigkas bilang interbensyon sa pagpapaunlad ng antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Magsagawa ng seminar at worksyap sa pagbuo ng mga kagamitang panturo gamit ang makabagong teknolohiya.

***IndexTerms* - interbensyon, pagpapaunlad, kasanayan, pagbasa, deficit, coping, emerging, establishing**

## I. INTRODUCTION

**INTRODUCTION**

Ang pagbasa ay isa sa mga makrong kasanayan na naglalayong magbigay-daan sa masusing pang-unawa at interpretasyon ng impormasyon. Ito'y hindi lamang simpleng pagkilala at pag-unawa ng mga simbolo at salita, kundi isang masalimuot na proseso ng pag-unawa ng iba't ibang uri ng teksto.

Ayon kina Anderson, Hiebert, Scott, et.al. (1985)[1], ang pagbasa ay isang proseso ng pagbuo ng kahulugan sa mga nakasulat na teksto. Ito ay isang kompleks na kasanayan na nangangailangan ng koordinasyon sa iba't iba at magkakaugnay na pinagmulan ng impormasyon. Ito ay ang pagbuo ng interpretasyon sa nakalimbag na teksto batay sa pagkakaunawa ng mambabasa.

Ayon kay Adams (1990)[2], ang mahusay na pagbasa ay nakadepende sa masusing pagkilala ng mga letra, salita at kung paano binabaybay ang mga ito. Sa larangan ng edukasyon, ang pagbasa ay pangunahing bahagi ng pagkatuto at pag-unlad ng isang mag-aaral. Ang kasanayan sa pagbasa ay isang mahalagang aspekto ng edukasyon at personal na pag-unlad ng isang tao. Ito ang pangunahing pundasyon sa pag-unlad ng kasanayan sa wika at pagsulat ng isang mag-aaral.

Upang mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral, inilunsad ng Kagawaran ng Edukasyon ang Every Child A Reader Program (ECARP) taong 2011[3]. Kabilang sa programang ECARP ang Reading Recovery (RR)[4], isang intebensyon upang bumaba ang bilang ng mga mag-aaral na nahihirapan sa pagbasa at pagsulat, at Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI)[5], pagtatasa upang matukoy ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa English at Filipino.

Inilunsad rin ng kagawaran ang National Reading Program (NRP) bilang bahagi ng National Learning Recovery Plan (NLRP)noong 2023[6]. Nakapaloob dito ang Drop Everything and Read (DEAR) at Read-a-thon kung saan ang mga mag-aaral ay

binibigyan ng pagkakataon na makapagbasa ng nais nilang babasahin at ito ay muling ikuwento sa buong klase. Layunin ng programang ito na matugunan ang kakulangan sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa at pagbilang dulot ng pandemya ng COVID-19.

Inilabas naman ng Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon V ang Pangrehiyonal na Memorandum Blg. 363 s.2023[7] na naglalaman ng mga tuntunin sa pagsasagawa ng Rapid Literacy Assessment (RLA)para sa mga mag-aaral mula sa Ikaapat na Baitang hanggang ika-labindalawang Baitang. Layunin nitong matukoy ang decoding skills ng mga mag-aaral na isang batayang kasanayan sa pagkatuto ng pagbasa.

Sa inilabas na Deped Memorandum bilang 173, s. 2019[8] na may titulong Bawat Bata Bumabasa o 3B's Iniative na naglalayong mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbabasa, hindi lamang ang kakayahan sa pagbabasa ang dapat mahubog at mapayaman. Sa memorandum na ito, ipinapakita ang kahalagahan ng kasanayan sa pagbababasa ng bawat mag-aaral.
Ito ang tugon sa suliraning lumabas noong 2019 na inilathala ng ABS-CBN News[9]. Sinabi na pinakamababa sa 79 bansa ang nakuhang marka ng mga Pilipinong mag-aaral sa Reading Comprehension o pag-intindi sa binabasa, base sa resulta ng isang assessment na isinagawa ng Organisation for Economic Cooperation and Development (OECD). Noong 2018, ang Pilipinas ay lumahok sa Program for International Student Assessment (PISA)[10] sa kauna-unahang pagkakataon. Lumabas na isa sa bawat apat na mag-aaral sa Grade 5 ay walang mga kasanayan sa pagbasa at matematika.

Sa kabila ng mga pagsisikap ng kagawaran na mapabuti ang kalidad ng edukasyon at mapaunlad ang makrong kasanayan ng mga mag-aaral lalo na sa pagbasa, ito ay nananatili pa ring malaking hamon. Sa inilabas na iskor ng datapandas.org (2023)[11] sa isinagawang PISA (Programme for International Student Assessment) simula Hulyo 26 hanggang Setyembre 16, 2022, ang Pilipinas ay nakakuha ng iskor na 340 at ika-74 sa ranggo sa pagbasa. Ang PISA ay isang programa upang matukoy ang kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa, math at science. Ito ay nilahukan ng 85 bansa mula sa iba't ibang bahagi ng mundo.

Samantala, inihayag ni Chi (2024) sa kanyang artikulo na batay sa datos ng World Bank 2022, 90% ng mga batang Pilipino na edad 10 ay nahihirapang magbasa o umunawa kahit simpleng teksto. Ayon naman sa DepEd Memorandum No. 173, s 2019[13], ang resulta ng National Assessments ay nagpapakita na ang mga mag-aaral sa primary ay nahihirapan sa pagbasa at pagbilang. Ipinapakita rin na mababa ang antas ng kasanayan sa Ingles dahil sa gap sa pagbasa nang may pang-unawa.

Sa ulat ni Jaucian (2020)[14], higit 70,000 na mag-aaral sa elementarya sa Bicol ay hindi marunong magbasa sa Eglish at Filipino batay sa paunang pag-aaral noong 2019. Ang datos ay resulta ng Paunang Pagsusulit ng Informal Reading Inventory (Phil-IRI) na ginawa sa buwang ng Hulyo hanggang Agosto 2019.

Ang kakulangan sa kasanayan sa pagbasa ay maaaring maging sagabal sa pangkalahatang pag-unlad sa iba't ibang asignatura at maging sanhi ng hindi kanais-nais na mga resulta sa mga pagsusulit. Ang kanilang mga kakaibang pangangailangan ay nangangailangan ng espesyal na pansin at estratehiya upang mapabuti ang kanilang kakayahang magbasa at unawain ang mga teksto.

Ayon sa pag-aaral nina Gilakjani at Sabouri (2016)[14], isa sa mga salik na nakaaapekto sa mababang antas ng kasanayan sa pagbasang may pang-unawa ng mga mag-aaral ang pagiging komplikado o hindi angkop na teksto sa antas ng mga mag-aaral. Ito ay dulot ng kakulangan ng kaalaman sa talasalitaan ng mga mag-aaral.

Samantala, batay sa resulta ng pag-aaral nina Kiew at Shah (2020)[15], motibasyon at interes ng mga mag-aaral ang pangunahing salik sa pagbasang may pag-unawa. Sinuportahan ito ng pahayag ni Weeks (2009)[16] na nagsasaad na mahalagang makagawa ang mga guro ng kagamitang kukuha sa atensyon at interes ng mga mag-aaral upang makita at mabuo sa isipan ng mga mag-aaral na nakawiwili at makabuluhang gawain ang pagbabasa. Mahalaga ring isaalang-alang sa pagbuo ng kagamitan sa pagbasa ang kakayahan ng mga mag-aaral at ang kanilang estilo sa pagkatuto lalo na sa mga struggling readers.

Sa isinagawang pananaliksik nina Pretorius at Lephalala (2022)[17], ang isang programa sa pag-unawa sa pagbasa para sa mga mag-aaral sa Baitang 6 sa mga paaralang may mataas na kahirapan ay nagpabuti ng kanilang mga kakayahan sa pagbabasa sa parehong kanilang sariling wika na may iba't ibang tagumpay depende sa paraan ng pagpapatupad. Mahalaga ang pagsasagawa ng interbensyon sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa.
Natuklasan naman sa pag-aaral nina Bruma at Marbella (2016)[18] ang kabisaan ang Strategic Intervention Material sa pagsulat sa Baitang 7. Ang SIM ay binuo upang magamit sa pagpapataas ng antas ng kasanayan sa pagsulat. Nailahad sa kanilang pag-aaral ang kahalagahan ng pagsasagawa ng interbensyon upang makasabay sa pag-unlad ng kasanayan ang mg mag-aaral na nahihirapan.

Hindi maikakailang mayroong kaugnayan ang kagamitan sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ayon nga kay Gutierrez (2014)[19], isa sa mga dahilan kung bakit bumababa ang kalidad ng edukasyon sa Pilipinas ay ang kakulangan sa mga kagamitan sa paaralan tulad ng mga libro, mga upuan at kakulangan sa mga silid-aralan. Kung mabibigyan ng pansin ang kagamitan ng mga mag-aaral sa pagkatuto, mabibigyan din sila ng pagkakataon na matuto ng lubos at mas maging matagumpay na mamamayan sa hinaharap.

Ang mababang antas ng kasanayan sa pagbasa at kakulangan ng angkop na kagamitang pampagtuturo sa mga mag-aaral ay mga suliraning kaakibat ng pagbasa sa mga paaralan. Ito ang nais mabigyang-tugon ng kasalukuyang pag-aaral bilang suporta sa mga programa at adhikain ng kagawaran.

**NEED OF THE STUDY.**

Nabatid sa pag-aaral na ito ang kabisaan ng nabuong interbensyon sa pagpapaunlad ng antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 6 ng Melecio J. Larosa Elementary School, Silangang Distrito, Lungsod Sorsogon, taong panuruan 2023-2024. Sinagot sa pag-aaral ang 1) antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral batay sa resulta ng Rapid Literacy Assessment (RLA) 2) interbensyon ang maaaring mabuo sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa at 3) ebalwasyon ng mga eksperto sa nabuong interbensyon gamit ang LRMDS 4) kabisaan ng nabuong interbensyon sa pagpapaunlad ng antas ng kasanayan sa pagbasa.

**RESEARCH METHODOLOGY**

Deskriptib-debelopmental ang disenyong ginamit sa pananaliksik na ito. Purposive sampling ang ginamit na pamamaraan sa pagpili ng mga kalahok sap ag-aaral. Ito ay may kabuoang 58 mag-aaral at 3 Master Teacher. Ginamit ang RLA Tool sa Filipino para sa paunan at panapos na pagsusulit. Ginamit naman ang LRMDS Evaluation Rting Sheet for Non-Print Materials sa ebalwasyon ng mga master teacher sa nabuong interbensyon. Ginamit rin ang SaLaBigkas bilang interbensyon sa pagpapaunlad ng antas ng kasanayan sa pagbasa ang mga mag-aaral. Ang mga datos na nalikom ay sinuri at binigyang-interpretasyon gamit ang mean at t-test for correlated samples.

**IV. RESULTS AND DISCUSSION**

Inilalahad sa kabanatang ito ang interpretasyon sa mga nakalap na datos o impormasyon buhat sa mga respondent ng pananaliksik na ito. Iprenesinta upang sagutin ang mga tanong ng pag-aaral na ito.

**Antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral batay sa resulta ng Rapid Literacy Assessment (RLA)**

Makikita sa talahanayan ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral batay sa resulta ng paunang pagsusulit sa isinagawang RLA sa Filipino Baitang 6. Natuklasan na 23 o 40% sa mga mag-aaral ay establishing na nangangahulugang hindi bababa sa 80% ng kabuoang bilang ng high frequency words sa talata ay tiyak at awtomatikong nabasa ng mag-aaral. Mayroon naming 8 o 14% sa mga mag-aaral ang emerging na nangangahulugang hindi bababa sa 50% ng kabuoang bilang ng high frequency words sa talata ay tiyak at awtomatikong nabasa ng mag-aaral. Samanatala wala sa mga mag-aaral ang coping na nangangahulugang 30% ng kabuoang bilang ng high frequency words sa talata ay tiyak at awtomatikong nabasa. Gayunpaman, mayroong 27 0 46% sa mga mag-aaral ang deficit na nangangahulugang mababa sa 30% ng kabuoang bilang ng high frequency words sa talata ang tiyak at awtomatikong nabasa ng mag-aaral.

**Talahanayan 1**
**Antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral batay sa resulta ng Rapid Literacy Assessment (RLA)**

| Kasanayan sa Pagbasa | Bilang ng Mag-aaral | Bahagdan |
|---|---|---|
| Establishing | 23 | 40% |
| Emerging | 8 | 14% |
| Coping | 0 | 0% |
| Deficit | 27 | 46% |
| Kabuoan | 58 | 100% |

Implikasyon ng resulta na higit na marami ang bilang ng mga mag-aaral na nasa deficit na antas. Nangangahulugan rin itong mayroong suliranin sa pagbasa ang mga mag-aaral sa Baitang 6. Ang suliranin sa pagbasa ay mahalagang mabigyan ng angkop na interbensyon upang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral at makasabay sa antas ng kasanayan ng kinabibilangang pangkat.

Sa pahayag ni De Guzman (2019)[20], ang kawalan ng kaalaman at pag-unawa sa pagbasa ay nakakaimpluwensya nang malaki sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ayon kina Wijayanti, F., & Zufriady, Z. (2020)[21], isa sa mga dahilan kung bakit nagkakaroon ng mababang antas ng kasanayan sa pagbabasa ay ang kawalan ng interes na dulot ng pagkahumaling sa mga makabagong teknolohiya tulad ng cellphone. Dagdag pa nila na ang pagkakaroon ng kultura sa tahanan na walang hilig at interes sa pagbabasa ay nakakaapekto sa kawilihan ng mga mag-aaral na magbasa.

Samantala, lumabas sa pagnanaliksik ni Kaplan, D. (2022)[22] na ang pagsasama ng mga bagong teknolohiya sa edukasyon ng guro ay maaaring magpahusay ang pag-iisip at pangangatwiran sa pamamagitan ng pagsuporta sa paggalugad ng mag-aaral at pagbuo ng mga advanced na sistema.

**Interbensyong Nabuo sa Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pagbasa**


Ang mananaliksik ay nakabuo ng interbensyon sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasang ng mga mag-aaral. Ito ay tinawag na SaLaBigkas.

Ang SalaBigkas ay isang kagamitang pampagtuturo bilang interbensyon na ginamitan ng makabagong teknolohiya. Naglalaman ito ng mga larawan upang ipakita ang salita, parirala, pangungusap at maikling kuwento na nilapatan ng audio upang marinig ang wastong bigkas ng salita. Ito ay mayroong haba na 7 munito at 38 segundo.




**Larawan 1. Mga Salita**

Makikita sa Larawan 1 ang unang bahagi ng SalaBigkas na Mga Salita. Ang salita ay nakasulat nang papantig upang mabigkas nang paisa-isa ng mga mag-aaral kasunod ang pagbaybay ng salita nang buo. Mayroon rin itong audio nang wastong pagbigkas ng salita upang maging gabay ng mga mag-aaral. Makikita rin ang larawang isinasaad ng bawat salita. Mayroong 10 salita na ginamit sa unang bahagi.




**Larawan 2. Mga Parirala**


Makikita sa Larawan 2 ang ikalawang bahagi ng SalaBigkas na Mga Parirala. Ang parirala ay nakasulat nang papantig upang mabigkas nang paisa-isa ng mga mag-aaral kasunod ang pagbaybay ng parirala nang buo. Mayroon rin itong audio nang wastong pagbigkas upang maging gabay ng mga mag-aaral. Makikita rin ang larawang isinasaad sa bawat parirala. Mayroong 10 parirala na ginamit sa ikalawang bahagi.




**Larawan 3. Mga Pangungusap**

Makikita naman sa Larawan 3 ang ikatlong bahagi ng SalaBigkas na Mga Pangungusap. Mayroon itong audio nang wastong pagbigkas upang maging gabay ng mga mag-aaral. Dalawang beses na maririnig sa audio ang pagbigkas sa pangungusap. Sa unang pagkakataon, ito ay mabagal na binabasa samantalang karaniwang pagbasa ang ginawa sa ikalawang pagkakataon. Makikita rin ang larawan na inilalahad sa bawat pangungusap. Mayroong 10 pangungusap na ginamit sa ikatlong bahagi.

Makikita sa Larawan 4 ang ikaapat na bahagi ng SalaBigkas na Maikling Kuwento. Mayroon itong audio nang wastong pagbigkas upang maging gabay ng mga mag-aaral. Ito ay karagdagang babasahin para sa mga mag-aaral upang masanay sa pagbabasa ang mga mag-aaral.




**Larawan 4. Maikling Kuwento**

Ang nabuong interbensyong SaLaBigkas ay magagamit sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral na mayroong deficit na antas ng kasanayan. Ito ay kagamitang elektroniko na naglalaman ng mahahalagang bahagi at katangian ng kagamitang panturo tulad ng angkop na nilalaman, mga salitang angkop sa kakayahan ng mga mag-aaral na gagamit, at nakawiwili. Sinabi ni Clowes, R. (2019)[23] sa kanyang pananaliksik na may titulong Screen reading and the creation of new cognitive ecologies na binabago ng mga dihital na teknolohiya ang pagbabasa, na humahantong sa reorganisasyon ng utak at mga kognitibong pagbabago sa mga bagong cognitive ecologies na kinasasangkutan ng parehong screen at page. Ang mga pahayag na ito ay tugma naman sa pahayag na sinabi nina Chen, K., Zu, Y., & Cui, Y. (2020)[24] na kasabay ng pag-unlad ng teknolohiya ng kompyuter at impormasyon at pagdating ng digital reading wave, parami nang parami ang mga user na lumipat sa paraan ng pagtugon sa kanilang mga pangangailangan sa pagbabasa sa mga digital reading system.

Upang magamit ang teknolohiya sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa, mahalagang masiguro ng guro na may pagkakataon na magamit ng mga mag-aaral ang kagamitan kahit siya ay mag-isa lamang upang makamit ang digital literacy (Using Technology to Complement Literacy Instruction, 2020)[25]. Kapag naipakita at naituro ng guro ang digital literacy o ang pagkatuto gamit ang teknolohiya, makapipili na ang guro ng angkop na gawain upang mapaunlad ang kasanayan ng mag-aaral na magsasakatuparan sa digital flueny o ang kakayahan ng mag-aaral na matutong mag-isa gamit ang makabagong teknolohiya.

**Ebalwasyon ng mga Eksperto sa Nabuong Interbensyon gamit ang LRMDS Tools for Non-Printed Materials**

Makikita sa Talahanayan 2.A ang ebalwasyon ng mga eksperto sa nabuong interbensyon batay sa kalidad ng nilalaman. Makikita na lima (5) sa 10 indikeytors ang nakakuha ng 4.00 na mean na may deskripsyong very satisfactory. Samantala, lima (5) rin ang may mean na 3.67 na mayroon ring deskripsyong Very Satisfactory. Ang kalidad ng nilaaman ay may kabuoang mean na 38.30 na may deskripsyong pumasa batay sa panuntunan ng LRMDS Assessment and Evaluation.

Implikasyon ng resulta na mayroong kalidad ang nilalaman at maaaring gamitin ang nabuong interbensyon sa pagpapaunlad ng talasalitaang Filipino. Subalit mayroong ilang indikeytors ang maaari pa ring mapaunlad.

**Talahanayan 2.a**
**Ebalwasyon ng mga Eksperto sa Nabuong Interbensyon Batay sa Kalidad ng Nilalaman**

| Indikeytors | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| 1.Content is consistent with topics/skills found in the DepEd Learning Competencies for the subject and grade/year level it as intended. | 4.00 | Very Satisfactory |
| 2. Concepts developed contribute to enrichment, reinforcement, or mastery of the identified learning objectives. | 4.00 | Very Satisfactory |
| 3. Content is accurate | 3.67 | Very Satisfactory |
| 4. Content is up-to-date | 3.67 | Very Satisfactory |
| 5. Content is logically developed and organized. | 3.67 | Very Satisfactory |
| 6. Content is free from cultural, gender, racial, or ethnic bias. | 3.67 | Very Satisfactory |
| 7. Content stimulates and promotes critical thinking | 4.00 | Very Satisfactory |
| 8. Content is relevant to real-life situations | 3.67 | Very Satisfactory |
| 9. Language (including vocabulary) is appropriate to the target user level. | 4.00 | Very Satisfactory |
| 10. Content promotes positive values that support formative. | 4.00 | Very Satisfactory |
| **Kabuoang puntos** | **38.30** | **Pumasa** |

Ayon kay Pradani (2021)[26], mahalaga ang paghahanda ng kagamitan sa pagtuturo sa pagbasa upang makakuha ng atensyon ng mag-aaral. Mahalaga rin ito upang matamo ang pag-unawa sa impormasyon na magagamit sa pagbabahagi ng kaalaman at makatulong sap ag-unlad ng intelektwal na kakayahan. Kaya naman importanteng maayos ang pagkakalahad ng nilalaman ng isang kagamitang panturo.

Ayon naman sa pag-aaral nina Sutini, Emzir at Rasyid (2021)[26], dapat isaalang-alang sa pagbuo ng kagamitang panturo ang prinsipyo ng pagtugon, ang dati at bagong kaalamang nais matutuhan ng mga mag-aaral gayundin ang kakayahan ng kagamitan na maunawaan ng mga mag-aaral. Dagdag pa nila na higit na may benepisyo ang paggamit ng elektronikong babasahin sa pagkuha ng atensyon at partisipasyon ng mga mambabasa.

**Talahanayan 2.B**
**Ebalwasyon ng mga Eksperto sa Nabuong Interbensyon Batay sa Kalidad ng Instruksyon**

| Indikeytors | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| 1. Purpose of the material is well-defined. | 4.00 | Very Satisfactory |
| 2. Material achieves its defined purposes. | 4.00 | Very Satisfactory |
| 3. Learning objectives are clearly stated and measurable. | 3.67 | Very Satisfactory |
| 4. Level of difficulty is appropriate for the intended target user. | 3.33 | Very Satisfactory |
| 5. Graphic/colors/sounds are used for appropriate instructional reasons. | 3.67 | Very Satisfactory |
| 6. Materials is enjoyable, stimulating, challenging, and engaging. | 4.00 | Very Satisfactory |
| 7. Material effectively stimulates creativity of target user. | 3.67 | Very Satisfactory |
| 8. Feedback on target user’s responses is effectively employed. | 3.33 | Very Satisfactory |
| 9. Target user can control the rate and sequence of presentation and review. | 4.00 | Very Satisfactory |
| 10. Instruction is integrated with target user’s previous experience. | 3.33 | Very Satisfactory |
| **Kabuoang Puntos** | **37.00** | **Pumasa** |

Makikita sa Talahanayan 2.B ang ebalwasyon ng mga eksperto sa nabuong interbensyon batay sa kalidad ng instruksyon. Makikita na apat (4) sa mga indikeytors ang may mean na 4.00 at may deskripsyong very satisfactory. Parehong tatlo (3) naman ang indikeytors na may mean na 3.67 at 3.33 na pare-parehong may deskripsyong very satisfactory rin. Ang kabuoang mean ng kalidad ng instruksyon ay 37.00 na may deskripsyong pumasa batay sa LRMDS Assessment and Evaluation.

Implikasyon ng resulta na mayroong kalidad ang instruksyon ng nabuong interbensyon at maaari itong gamitin sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ngunit mayroon pang mga kailangang paunlarin sa kalidad ng instruksyon. Ang kabuoang resulta ay nangangahulugan ring maaaring gamitin ang nabuong interbensyon sa mga mag-aaral.

Turan ni Badaguas (1991)[27], na mahalagang maisaalang-alang ang mga mag-aaral at ang aralin upang maging makabuluhan at epektibo ang kagamitang pampagtuturo. Ito ay nararapat na angkop sa kawilihan at kaalaman ng mga mag-aaral na gagamit.

Ipinakapakita sa Talahanayan 2.C ang eblawasyon ng mga eksperto sa nabuong interbensyon batay sa kalidad-teknikal. Makikita na lima (5) sa 11 indikeytors ang may mean na 4.00 samantalang tatlo (3) naman ang may mean na 3.67 at 3.33 na pare-prehong may deskripsyong very satisfactory. Ang kabuoang mean ng kalidad-teknikal ay 41 na may deskripsyong pumasa.

**Talahanayan 2.C**
**Ebalwasyon ng mga Eksperto sa Nabuong Interbensyon Batay sa Kalidad-Teknikal**

| Indikeytors | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| 1. Audio-enhances understanding of the concept. | 3.67 | Very Satisfactory |
| 2. Speech and narration (correct pacing, intonation, and pronunciation) is clear and can be easily understood. | 3.67 | Very Satisfactory |
| 3. There is complete synchronization of audio with the visuals, if any. | 4.00 | Very Satisfactory |
| 4. Music and sound effects are appropriate and effective for instructional purposes. | 4.00 | Very Satisfactory |
| 5. Screen displays (text) are uncluttered pleasing | 3.67 | Very Satisfactory |
| 6. Visual presentations (non-text) are clear and easy to interpret. | 3.33 | Very Satisfactory |
| 7. Visuals sustain interest and do not distract user's attention. | 4.00 | Very Satisfactory |
| 8. Visuals provide accurate presentation of the concept discussed. | 4.00 | Very Satisfactory |
| 9. The use support materials (if any) are effective. | 3.33 | Very Satisfactory |
| 10. The design allows the target user to navigate freely through the material. | 4.00 | Very Satisfactory |
| 11. The material can easily and independently be used | 3.33 | Very Satisfactory |
| **Kabuoang Puntos** | **41** | **Pumasa** |

Implikasyon ng resulta na may kalidad ang teknikal na aspekto ng nabuong interbensyon at maaari itong gamitin sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Nangangahulugan rin ang resulta na maaari pa itong higit na mapaunlad.
Natuklasan nina Chen, Zu & Cui(2020)[27] na kasabay ng pag-unlad ng teknolohiya ng kompyuter at impormasyon at pagdating ng digital reading wave, parami nang parami ang mga user na lumipat sa paraan ng pagtugon sa kanilang mga pangangailangan sa pagbabasa sa mga digital reading system. Dahil dito iba-ibang baryasyon ng dihital na sistema ng pagbabasa ang nabuo. Dahil dito mahalagang may kalidad ang teknikal na anyo ng isang kagamitang panturo.

**Talahanayan 2.D**
**Ebalwasyon ng mga Eksperto sa Nabuong Interbensyon Batay sa Iba Pang Natuklasan**

| Indikeytors | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| 1. Conceptual errors | 4.00 | Not Present |
| 2. Factual errors | 4.00 | Not Present |
| 3.Grammatical and/ or typographical errors | 4.00 | Not Present |
| 4. Other errors (i.e., computational errors, obsolete information, errors in the visuals, etc.) | 4.00 | Not Present |
| **Kabuoang Puntos** | **16.00** | **Pumasa** |

Makikita naman sa Talahanayan 2.D ang ebalwasyon ng mga eksperto sa nabuong interbensyon batay sa iba pang natuklasan. Makikita na lahat ng indikeytors ay mayroong mean na 4.00 na may deskripsyong Not Present. Samantala, ang kabuoang mean ay 10.00 na may deskripsyong pumasa.
Implikasyon ng natuklasan na walang natuklasang mali sa nabuong interbensyon. Ito ay nangangahulugan ring maaaring gamitin ang nabuong interbensyon sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.
Ayon sa Wiley University Services (2024)[29], mahalagang sumusunod sa mga panuntunan ng copyright ang kagamitan sa pagturo. Dagdag pa dito, mahalagang walang mali sa impormasyon at walang kinikilingan ang gamit sa pagtuturo. Ang kagamitang panturo ay isa sa mga pundasyon upang makamit ang layunin ng aralin at magkaroon ng makabuluhang karanasan ang mga mag-aaral.

**4. Kabisaan ng Nabuong Interbensyon sa Pagpapaunlad ng Antas ng Kasanayan sa Pagbasa**

Makikita sa talahanayan 3 ang kabisaan ng nabuong interbensyon sa pagpapaunlad ng antas ng kasanayan sa pagbasa.

**Talahanayan 3**
**Kabisaan ng Nabuong Interbensyon sa Batay sa Pauna at Panapos na Pagsusulit**

| Statistical Bases | Statistical Analysis |
|---|---|
| Paunang Pagsusulit | |
| Mean | 11.95 |
| SD | 8.11 |
| Antas ng Kasanayan | Emerging |
| Panapos na Pagsusulit | |
| Mean | 21.29 |
| SD | 1.79 |
| Antas ng Kasanayan | Establishing |
| Level of Significance | 0.05 |
| Degrees of Freedom | 57 |
| Critical t-Value | 2.00 |
| Computed T-Value | 10.70 |
| Decision of $H_0$ | Reject |
| Conclusion | Highly Significant |

Ipinapakita sa Talahanayan 3 ang kabisaan ng nabuong interbensyon sa pagpapaunlad ng antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral batay sa resulta ng ginawang pauna at panapos na pagsusulit. Makikita na ang mean score ng panapos na pagsusulit ay 21.29 na may antas ng kasanayan na establishing. Ito ay higit na mataas kumpara sa mean score ng paunang pagsusulit na 11.95 na may antas ng kasanayan na emerging. Samantala, ang standard deviation (SD) sa paunang pagsusulit ay 8.11 na bumaba sa paunang pagsusulit na nakakuha ng 1.79. Ito ay nangangahulugang magkakalapit ang iskor na nakuha ng mga mag-aaral sa panapos na pagsusulit. Makikita rin na ang Gamit ang t-test for correlated samples, makikita na higit na mataas ang computed t-value na 10.70 kumpara sa critical t-value na 2.00. Ito ay batay sa degrees of freedom na 57 at level of siginificance na 0.05. Dahil ditto, ang null hypothesis ay rejected at masasabing may mahalagang pagkakaiba ang antas ng kasanayan sa pagbasa sa pauna at panapos na pagsusulit ng mga mag-aaral.

Ang natuklasan ay nangangahulugang mayroong pagbabago sa antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral mula sa una at panapos na pagsusulit sa isinagawang RLA. Ito rin ay nangangahulugang nakatulong ang nabuong interbensyon sa pagpapaunlad sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral.

Sa pahayag ni Lau (2021)[30] na ang mga aktibidad sa e-learning, tulad ng mga onlayn na bidyu sa pagtuturo, mga mapagkukunan sa internet at mga dihital na laro ay maaaring magpabuti sa kasanayan sa pagbabasa ng ng mga mag-aaral. Turan naman ni Koen (2019) na ang pagiging matatas sa pagbabasa ay naiimpluwensyahan ng wika at mga ortograpiya nito, at ang teknolohiya ng kompyuter ay maaaring mapahusay ang mahusay na mga landas sa pagkuha ng salita at mapapataas ang bilis ng pagbabasa. Malaki ang naitutulong ng paggamit ng makabagong teknolohiya sa paghubog sa iba't ibang kasanayan ng mga mag-aaral lalo na sa pagbabasa.

## KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral batay sa resulta ng paunang pagsusulit sa RLA ay establishing na may 23 o 40% ng mga mag-aaral, walo (8) o 14% ang emerging, walang mag-aaral ang kabilang sa coping, gayunpaman may 27 0 46% ang nasa antas ng deficit.

Ang nabuong interbensyon sa pagpapaunlad ng antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral ay SalaBigkas, isang kagamitang pampagtuturo na ginamitan ng makabagong teknolohiya at naglalaman ng mga larawan upang ipakita ang 10 salita, 10 parirala, 10 pangungusap at isang maikling kuwento na nilapatan ng audio upang marinig ang wastong bigkas ng salita at may habang pitong (7) minuto at 38 segundo.

Ang ebalwasyon ng mga eksperto sa nabuong interbensyon sa pagpapaunlad ng antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral ay may kabuoang puntos na 38.80 sa kalidad ng nilalaman, 37.00 sa kalidad ng instruksyon, 41.00 sa kalidad-teknikal at 10.00 sa iba pang natuklasan na pare-parehong may deskripsyong pumasa.

Ang mean score ng panapos na pagsusulit ay 21.29 na may antas ng kasanayan na establishing na higit na mataas kumpara sa mean score ng paunang pagsusulit na 11.95 na may antas ng kasanayan na emerging. Ang standard deviation (SD) sa paunang pagsusulit ay 8.11 na bumaba sa paunang pagsusulit na nakakuha ng 1.79 na nangangahulugang magkakalapit ang iskor na nakuha ng mga mag-aaral sa panapos na pagsusulit. Gamit ang t-test for correlated samples, higit na mataas ang computed t-value na 10.70 kumpara sa critical t-value na 2.00 batay sa degrees of freedom na 57 at level of siginificance na 0.05 kaya't ang null hypothesis ay rejected.

Inirekomenda na ang mga mag-aaral ay dapat na mabigyan ng angkop na interbensyon sa pagbasa sa pamamagitan ng paggamit ng angkop na kagamitang panturo upang malinang ang kasanayan sa pagbasa. Gamitin ang nabuong SaLabigkas bilang interbensyon sa pagpapaunlad ng antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Paunlarin at dagdagan ng mga salita, parirala, pangungusap at maikling kuwento ang nabuong interbensyon. Magsagawa ng seminar at worksyap sa pagbuo ng mga kagamitang panturo gamit ang makabagong teknolohiya. Magsagawa ng iba pang pag-aaral na may kaugnayan sa pagbuo ng kagamitang panturo sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

## II. Acknowledgment

## References


**[1]** Anderson, R., Hiebert, E., Scott, J., Wilkinson, I., (1985), Becoming a Nation of Readers: The Report of Commission on Reading. The National Academy of Education. The National Institute of Education. The Center for the Study of Reading. USA

[2] Adams, M. (1990). Beginning to read: Thinking and learning about print. Cambridge, MA: MIT Press.

[3] DepEd Order No. 70, s. 2011. Every Child A Reader Program (ECARP)

[4] Reading Recovery Program, https://readingrecovery.org/what-is-reading-recovery/

[5] DepEd Order No. 18, s. 2018, Policy Guidelines on the Administration of the Revised Philippine Informal Reading Inventory (PHIL-IRI)

[6] DepEd Order No. 013, s. 2023, National Learning Recovery Program (NLRP)

[7] Regional Memorandum No. 363 s. 2023, Guidelines in the Administration of the Rapid Literacy Assessment for Grade 4-12 Learners in Region V

[8] Deped Memorandum No. 173, s. 2019, Bawat Bata Bumabasa o 3B's Iniative

[9] Lacuata, Rose Carmelle, ABS-CBN News, December 04, 2019, 01:48 AM

[10] Program for International Student Assessment (PISA), https://nces.ed.gov/surveys/pisa/pisa2018/#/

[11] datapandas.org 2023, https://www.datapandas.org/ranking/pisa-scores-by-country

[12] Chi, C. (2024), January 11, 2024. Explainer: With students' poor literacy, are all teachers now 'reading teachers'? https://www.philstar.com/headlines/2024/01/11/2325063/explainer-students-poor-literacy-are-all-teachers-now-reading-teachers

[13] Deped Memorandum No. 173, s. 2019, Bawat Bata Bumabasa o 3B's Iniative

[14] Gilakjani at Sabouri (2016), A Study of Factors Affecting EFL Learners' Reading Comprehension Skill and the Strategies for Improvement. Intern ational Journal of English Linguistics; Vol. 6, No. 5. Published by Canadian Center of Science and Education

[15] Kiew, S., Shah, P., (2020). Factors Affecting Reading Comprehension among Malaysian ESL Elementary Learners. Scientific Research Publishing Inc. https://www.scirp.org/html/14-6305329_105895.htm
[16] Weeks, K. (2009), The impact of instructional materials on the motivational of struggling readers. : https://scholarworks.uni.edu/grp
[17] Pretorius, E., & Lephalala, M. (2012). Reading comprehension in high-poverty schools: How should it be taught and how well does it work?
[18] Bruma at Marbella (2016). Kabisaan ng Strategic Intervention Material (SIM) Sa Pagsulat Sa Filipino 7. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, Vol. 7, No. 1. https://oaji.net/articles/2020/1543-1585280920.pdf
[19] Gutierrez, Lolet G. https://www.pressreader.com/philippines/sunstar pampanga/20140502/281633893246058 , May 2, 2014,
[20]De Guzman, C. 2019-01-18, Vol. 3 No. 2F (2019): Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts,
[21] Wijayanti, F., & Zufriady, Z. (2020). ANALYSIS OF READING CAPABILITIES WITH CLASS IV STUDENTS SCANNING TECHNIQUES IN PELITA JAYA CLUSTER KECAMATAN LUBUK BATU JAYA DISTRICT INDRAGIRI HULU.
[22] Kaplan, D. (2022). Simulation, Gaming, and Programing in Education. Creative Education.
[23] Clowes, R. (2019). Screen reading and the creation of new cognitive ecologies. AI & SOCIETY.
[24] Chen, K., Zu, Y., & Cui, Y. (2020). Design and implementation of bilingual digital reader based on artificial intelligence and big data technology.
[25] Pradani, A. (2021). THE IMPORTANCE OF READING TO EXPAND KNOWLEDGE. https://www.researchgate.net/publication/352020734_THE_IMPORTANCE_OF_READING_TO_EXPAND_KNOWLEDGE
[26] Sutini, Emzir at Yumna Rasyid (2021). The Relevance of Reading Teaching Material Using New Technology. https://iopscience.iop.org/article/10.1088/1742-6596/1764/1/012145/pdf
[27] Badaguas, Fe. 1991. “The Assure Learning: A Mode to Help
Assure Learning”. Philippine Journal of Education.
(Vol. LXIX).
[28] Chen, K., Zu, Y., & Cui, Y. (2020). Design and implementation of bilingual digital reader based on artificial intelligence and big data technology.
[29] Wiley University Services (2024)
[30]Lau, K. (2021). Using E-learning Activities to Support Classical Chinese Learning in the Out-of-class Context. 2021 International Symposium on Educational Technology (ISET), 65-68.
[31] Koen, B. (2019). The Neurobiological Development of Reading Fluency. Neurodevelopment and Neurodevelopmental Disease
Department of Education, LRMDS, https://lrmds.deped.gov.ph/docs/LRMDSGuidelines.pdf
DepEd, Comprehensive Rapid Literacy Assessment (CRLA), https://www.ilovedeped.net/2023/08/bosy-comprehensive-rapid-literacy.html
DepEd Order No. 8, s. 2015, Policy Guidelines on Classroom Assessment for the K-12 Basic Education Program
Quejada, B., July 3, 2021https://www.philstar.com/pang-masa/punto-mo/2021/07/03/2109854/walang-kasanayan-sa-pagbasa-matematika, QUESEJODA -